Mapagkukunan ng impormasyon para sa mga manggagawa ng international agri-food

Alamin ang mga mapagkukunan impormasyon para sa mga internasyonal na manggagawa sa agri-food, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga programa, iyong mga karapatan, kaligtasan at higit pa.

1. Bago ka pumunta sa Ontario
2. Pagdating mo sa Ontario
3. Ang iyong mga karapatan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
4. Pag-access sa health care
5. Pag-aadjust sa buhay sa Ontario
6. Paghahanap ng suporta
7. Bago ka umalis sa Ontario

Bago ka umalis sa Ontario

Checklist

Mga dokumento at pagkakakilanlan

- Kung may inaasahan kang matatanggap sa pamamagitan ng mail sa iyong address sa Ontario, siguraduhing mag-arrange ng address para sa pagpapadala bago ka umalis.
- Dalhin ang lahat ng personal na identification o siguraduhing ligtas ito.
- Ibigay ang iyong health card sa iyong employer. Kung babalik ka sa Ontario, kakailanganin mong i-renew ang iyong health card sa sandaling makarating ka sa Ontario.
- Itabi ang mga orihinal o kopya ng mga dokumento sa trabaho at mga health records, tulad ng mga kopya ng iyong work permit at numero ng iyong OHIP card.
- Dalhin ang impormasyon ng iyong Social Insurance Number (SIN) pauwi. Kinakailangan ito kung pipiliin mong mag-aplay para sa mga benepisyo sa ilalim ng Canada Pension Plan pagkatapos mong umalis sa Canada.

Mga bank account at mga subscription

- Kanselahin o suspindihin ang mga plano sa telepono/data o mga subscription sa mga online na app at serbisyong hindi mo gagamitin pag-uwi.

Income tax return

- Maaari kang makakuha ng tax refund kahit na umalis ka ng Canada. Matuto nang higit pa tungkol sa pag-file ng iyong tax return:
  - Pag-file ng iyong tax return
  - Tulong sa paghahain ng personal na tax return
  - Mag-ingat sa kung sino ang iyong kukunin para maghain ng iyong mga buwis. Matuto nang higit pa tungkol sa pagprotekta sa iyong sarili kapag gumagamit ng mga tax services
  - Isaalang-alang ang pagpaparehistro para sa isang online na "My Account" sa Canada Revenue Agency
  - Paghahain ng income tax at benefit return para sa isang manggagawa
- Kung nagbukas ka ng bank account sa Ontario, isaalang-alang ang pagpapanatiling bukas ng account upang makatanggap ng anumang natitirang refund o mga bayad sa benepisyo o magbigay ng internasyonal na mailing address. Kung hindi ka umaasa ng tax refund, isara ang anumang bank account para maiwasan ang mga buwanang bayarin.